



Samahan ng mga Magulang at Komunidad sa Charles Weston School sa Coombs

Mga Tanong at Sagot



Ano ang P&C?

Karamihan sa mga paaralan ay may isang pangkat ng mga magulang na kumakatawan sa tinig ng komunidad sa paaralan.

Sa Charles Weston, ang pangkat ay tinatawag na P&C Association, na ang ibig sabihin ay Mga Magulang at Komunidad. Kami ay nagkakaroon ng mga miting ng mga magulang upang pag-usapan ang kapakanan ng paaralan at komunidad.

Ano ang isang kasapi ng P&C?

Lahat ng mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata sa Charles Weston ay awtomatikong kasapi sa P&C.

Ano ang Komite ng P&C?

Kasali sa komite ng P&C ang mga magulang o tagapag-alaga na tumutulong sa pangangasiwa sa pangkat. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay kumakandidato at pinagbobotohan sa mga katungkulan sa komite na nagtatagal ng 12 buwan. Ang mga katungkulan sa komite ay:

Mahalagang Katungkulan	Opsyonal
Presidente	Mga Pangkahalatang Kasapi sa Komite
Bise Presidente	Opisyal sa Komunikasyon
Kalihim	Kinatawan sa Konseho
Ingat-yaman	Tagapamahala sa Pagkakatagapag ng Pondo
Opisyal na Pampubliko	

Kailan nagmimiting ang P&C?

Nagmimiting kami bawat termino sa Martes ng ika-3 at ika-8 na linggo. Inaanunsyo ang miting sa pahayagan ng paaralan at sa Facebook page ng P&C. Ang sinuman sa mga magulang o tagapag-alaga ay maaaring dumalo.

Sa mga miting na ito, pinag-uusapan at gumagawa kami ng desisyon tungkol sa mga gawain, pangyayari at kung paano makatulong sa paaralan.

Magsisimula ang miting ng ika-7n.h. sa Community Room o sa pamamagitan ng video conferencing.



Hanapin kami sa Facebook
@CWSCPARENTS

Ano ang papel ng P&C?

Ang P&C ay nagbibigay ng suporta sa komunidad sa paaralan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang at tagapag-alaga na makialam sa komunidad ng paaralan. Namamahala kami ng mga pangyayari at mga pangangalap ng pondo upang masuportahan ang paaralan at mga estudyante.

Kami ay responsable sa pagpapaandar sa imbakan ng mga damit sa paaralan.

Paano naiiba ang P&C sa konseho ng paaralan?

Bawat paaralan ng pamahalaan sa ACT ay may konseho ng paaralan – isang lupon kung saan ang mga magulang, tagapag-alaga, kawani at mga estudyante ay maaaring makisali sa paggawa ng mga desisyon para sa kanilang paaralan. Higit sa lahat, ang konseho ay gumagana bilang tagagawa ng mga patakaran sa paaralan.

Ang konseho ng paaralan ay nagmimiting ng di-kukulang sa apat na beses bawat taon at ang mga katungkulan ay pinagbobotohan. Ang mga kasaping ihinalal sa konseho ay manunungkulan ng di-kukulang sa 12 na buwan at di-hihigit sa 24 na buwan.

Nagtatrabaho ang P&C na kasosyo ng konseho at madalas na inirekomenda nito ang mga bagag-bagay sa konseho para mabigyan ng pansin.

Ano ang imbakan ng mga damit?

Ang imbakan ng mga damit ay isang pagkakataon para sa mga pamilya na makabili ng mga gamit nang uniporme sa paaralan. Nagkakaroon kami ng regular na bentahan sa imbakan ng mga damit upang ang mga magulang at tagapag-alaga ay makapunta sa paaralan para tumingin at mamili ng mga gamit nang uniporme sa mababang bayad.

Nagagalak ang P&C na makatulong sa mga pamilyang nahihirapan na bumili ng mga uniporme sa paaralan.

Kailan ako makabili ng mga gamit nang uniporme sa paaralan?

Bawat termino, binubuksan namin ang imbakan ng mga damit sa paaralan.

Ang petsa at oras ng pagbebenta sa imbakan ng mga damit ay inaanunso sa newsletter ng paaralan at sa P&C Facebook page.

Maaari ba akong magbigay sa imbakan ng mga damit?

Hinihikayat namin ang lahat ng mga magulang at tagapag-alaga na magbigay ng mga magandang kalidad na mga gamit nang uniporme para sa imbakan ng mga damit. Makakatulong kayo sa pagkakaroon ng mga kinakailangang pondo para sa P&C at paaralan.

Maaari ninyong iwan ang mga pamigay para sa imbakan ng mga damit sa opisina ng paaralan.

Ano pa ang mga ibang ginagawa ng P&C?

Malugod naming tinatanggap ang mga bagong ideya ng makikipag-ugnayan sa komunidad at mga pagkakataon sa pangangalap ng pondo. Namamahala kami ng maraming pangyayari at nagbibigay ng maraming mga serbisyo para sa mga estudyante at mga pamilya. Kabilang sa mga nakalipas na gawain ay:

- Mga Disko sa Paaralan
- Mga regalo ng maligayang pagdating sa mga bagong magulang
- Mga pagpapasalamat na regalo para sa guro
- Maligayang Pagtitipong Piknik at BBQ sa Eleksyon
- Gabi ng Trivia
- Mothers & Fathers Day Breakfast at Pagbebenta ng mga Regalo
- Paggawa ng Cookies at Pagbebenta ng mga Regalo sa Community Carols
- Araw ng Kapitbahay
- Pakikipagtrabaho sa Student Parliament tungkol sa mga pangangalap ng pondo.

Paano ako makapagboluntaryo?

Maraming paraan sa inyong pagbuboluntaryo sa pagtulong ng ating paaralan. May mga taong nag-aalok na:

- maglaba at magbukod-bukod ng mga uniporme para sa imbakan ng mga damit
- magluto para sa mga pangyayaring pagkalap ng pondo
- magluto sa mga BBQ ng komunidad
- maglingkod sa mga kainan sa mga pangyayari
- mamahala sa mga pangyayari

Ano ang mga paraan para ako makikisali sa P&C?

Maraming mga paraan ang pakikisali sa:

- Dumalo kayo sa miting
- Suportahan ang ating mga pangyayari at gawain
- Ibahagi ang inyong mga ideya sa pangangalap ng pondo
- Magboluntaryo sa pagtulong

Paano ko makontak ang P&C?

Custo naming marinig ang inyong mga ideya at puna. Inaanyayahan naming kayo na dumalo sa isang miting – lahat ay magiliw naming tinatanggap.

Maaari rin ninyong makontak ang P&C sa pamamagitan ng pag-email sa:

charleswestonparents@gmail.com

May problema o pag-aalala ako – kanino ko sasabihin?

Kung ang problema o pag-aalala ay tungkol sa P&C, inaanyayahan kayong mag-email sa amin o ilabas ito sa isang miting.

Para sa mga bagay-bagay tungkol sa patakaran o estratehiya sa paaralan, kontakin ang konseho o prinsipal ng paaralan sa pamamagitan ng pag-email sa:

charlesweston@ed.act.edu.au

Para sa mga bagay-bagay tungkol sa inyong anak, mangyaring kontakin ang guro sa pamamagitan ng pag-eemail sa ganitong porma:

unangpangalan.apelyido@ed.act.edu.au

Mangyaring maghintay ng 48 oras para sa pagkasagot ng lahat ng mga email.

Ang P&C ay isang magandang paraan upang magkakilala ang mga ibat-ibang pamilya at magkakaroon ng mga ugnayan sa loob ng Komunidad sa Paaralan ng Charles Weston.

Kagyat na mga Katanungan

Sa anumang kagyat na bagay-bagay, mangyaring tumawag sa opisina ng paaralan sa: 02 6142 0404.



ACT
Government
Education